

ARE YOU WISE ENOUGH? IKAW BA AY PANTAS?

Mateo 2: 1 – 12

PANALANGIN:

Ama naming sumasalangit, salamat po sa iyong bugtong na anak na si Jesus na isinilang noong unang Pasko upang bigyan ng kaligtasan ang lahat ng tao. Ikaw na may-ari ng buong sangnilikha ay nagkatawang-tao sa pamamagitan ni Kristo-Hesus na isinilang sa hamak na sabsaban. Kung paano ka sumilang, nawa ay ipanganak sa aming mga puso ang kagalakan at kapayapaan na iyong kaloob. Tulungan kami na italaga ang aming sarili sa paninidigan. Tulungan kami na manindigan sa aming pananampalataya. Tulungan kami na maging pantas na sundan ang tala ni Jesus. Sa kanyang pangalan kami ay dumadalangin. Amen

Ang taunang pagdiriwang ng kapaskuhan, ang pag-aalaala sa pagsilang ni Hesus sa Bethlehem, ang pagkapanganak ng ating Tagapagligats na si Hesus ay magtatapos na. Ayon sa leksyunaryo, talaan ng mga talata sa Biblia na binibigyan-diin sa bawat linggo, ito ang ikalawang linggo pagkatapos ng Pasko, second Sunday after Christmas, at unang linggo ng Epipanya, first Sunday of Epiphany. Ang Epipanya ay tanging pagdiriwang sa loob ng Christian calendar na kung saan binibigyang-pansin ang pagpapakilala ng Diyos hindi lamang sa Hudyo kundi sa mga Hentil din. Literal na kahulugan ng epipanya ay kapahayagan. Kapahayagan ng pagliligtas ng Diyos hindi lamang para sa mga Hudyo kundi sa lahat ng mga nilalang sa daigdig. Ito ay isinasagisag ng pag-aalaala sa pagdalaw ng mga pantas na kung saan ating nabasa mula sa Mateo 2: 1 – 12.

Maraming alamat ang umusbong sa kuwento ng mga pantas, isa na rito na ang mga pantas ay mga hari. Ngunit ang pagkakatala sa Mateo, “dumating naman sa Jerusalem ang ilang pantas mula sa Silangan.” (Mateo 2:1) Ang pantas, sa wikang Griyego na lengguwahe ginamit sa pagsulat sa Bagong Tipan, ay Magoi (read mah-goy) na pinagmulan ng salitang Magi. Ayon sa tradisyon, ang mga Magi ay astrologers o mga taong nakababasa ng mga posisyon ng mga tala. Ayon naman sa kasaysayan ng daigdig hindi lamang sa mga Chinese nagmula ang pag-aaral ng astrolohiya kundi naging kontribusyon ng mga Babilonian ang pag-aaral ng astrolohiya. Ang mga Magi ay nagtungo sa Jerusalem at nagtanong-tanong “Nasaan ang ipinanganak na hari ng mga Hudyo? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya.” Dahil sa kanilang kaalaman sa astrolohiya kaya’t binigyan nila ng kahulugan na hindi pangkaraniwang tao, isang hari ang isinilang. Ibinatay ng mga magi ang kanilang paghahanap ayon sa kakaibang ningning ng tala sa kalangitan. Ang kaisipan na makalangit na palatandaan ay nagbabadya ng pagsilang o di kaya ay kamatayan ng mga dakilang pinuno ay laganap na pananaw sa kultura noon. Ang nakita ng mga pantas na kakaibang ningning ng tala sa kalangitan ay sapat na upang sila ay maganyak, masabik na iwan ang kanilang lupain para sundan ang tala.

Sa isang kantang Pamasko ay may salita na tulad nito, “Ang pasko ay sumapit, tayo ay mangagsiawit ng magagandang tinig dahil sa ang Diyos ay pag-ibig. Nang si Jesus ay isilang may tatlong hari na nagsidalaw.” Ito rin ang isang alamat na umusbong, na ang mga pantas ay hari ayon sa awit at sila ay may bilang na tatlo. Muli nating tunghayan ang ating talata, “Si Jesus ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang mga Pantas mula sa Silangan.” (Mateo 2:1) Malinaw sa Biblia na walang ispisipikong bilang ang mga pantas. Ang malinaw na nakasaad ay may ilang mga Pantas mula sa Silangan. Bakit nga ba naging tatlo ang

namamayaning kaisipan sa mga tao. Maaaring ang kaisipang tatlong pantas ay mula sa tatlong regalo o handog ng mga pantas kay Hesus, ang ginto, ang kamanyang at ang mira. Isang regalo sa bawat isang pantas. May tradisyon pa na ang tatlong pantas ay may mga pangalan at paglalarawan sa kanila. Si Mechior ay maedad at may mahabang balbas, si Caspar ay bata, walang balbas at maitim na mga balat at si Balthazar ay maedyo maedad at may kaunting balbas. Ngunit ang totoo, hindi natin talaga kilala o batid kung sino at ano ang kanilang mga personal na katangian. Ang malinaw ay nagpahayag ang Diyos maging sa mga Hentil upang ipaunawa ang kanyang dakilang pag-ibig para sa lahat ng nilalang.

Are you wise enough? Ikaw ba ay pantas?

Ang pantas ay isang taong matalino, isang taong nagbubulay-bulay sa mga pangyayari, isang tao na naghahanap ng katotohanan. Ito ang mga taong nagmula sa Silangan at tinawag ng Biblia na pantas sapagkat binigyan nila ng kahulugan ang bawat pangyayari. Ang mga pantas na ito ay nagtungo sa Jerusalem sapagkat kanilang nabatid na ang ipinanganak na sanggol ay hindi pangkaraniwang nilalang, sa halip ay isang hari. Kaya nga nagtungo sila sa Jerusalem upang hanapin ang bagong silang na hari. Ikaw ba ay isang pantas upang hanapin ang bagong silang na hari na tagapagligtas na si Jesus.

Ikaw ba ay pantas? Na saliksikin ang Kasulatan upang masumpungan at maunawaan ang dakilang layunin ng Diyos. Iyon ang ginawa ng mga lalaking buhat sa Silangan, kanilang pinakinggan, sinaliksik, pinag-aralan ang Kasulatan at nasumpungan na hindi sa Jerusalem isinilang ang Tagapagligtas kundi sa isang maliit na pamayanan ng Bethlehem. Nakinig ang mga lalaking buhat sa Silangan sa mga taong nakababatid ng Kasulatan. Ayon sa Mateo 6: 6 “ At, Ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi pinakahamak sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.” Ikaw ba ay isang pantas na pakinggan ang mga salita mula sa Kasulatan upang masumpungan natin ang Cristong isinilang? Ano ang sinasabi sa atin ng Diyos na ating gagawin bilang kanyang bayan? Hindi natin kailangang manghula, ng fung shui, ng zodiac sign at iba pang mga pamamaraan. Ang mga kasagutan ay makikita natin sa mga pahina ng Biblia.

Ikaw ba ay pantas? Na iwan ang posisyon, kalagayan, kasaganaan, kaalwanan para hanapin ang bagong silang na Tagapagligtas? Ang mga lalaki mula sa Silangan ay iniwan ang kanilang lugar para hanapin ang bagong silang na hari. Nilagyan nila ng pagkilos ang kanilang nalaman. Ito ang bilin sa kanila ni Herodes, “Hanapin ninyong mabuti ang sanggol. Kapag natagpuan ninyo siya, ipagbigay-alam ninyo sa akin upang ako man ay makasamba.” (Mateo 2: 8) Nabatid na ni Herodes ang tungkol kay Jesus subalit hindi siya kumilos, hindi siya sumama upang hanapin ang bagong silang na hari. Maraming nakababatid ng pagsilang ni Jesus ngunit hindi naman sila kumikilos upang masumpungan ang bagong silang na hari. Ang mga pantas ay nagpatuloy na sa paghahanap. (Mateo 2:9) Ang mabuting balita ay ito, tulad ng talang gumabay sa mga pantas, tayo rin ay pinagkakalooban ng Diyos ng gabay, ng patnubay, ng tanglaw upang masumpungan ang Cristo. Kapag ang Diyos ay nagbibigay ng pagkakataon, handa ba tayong kumilos at magsimula ng paglalakbay n gating pananampalataya?

Ikaw ba ay pantas? Na ang pinag-aalayan ng pagpupuri, pagdakila, pagpapasalamat, pagsamba ay si Jesus. Sa Mateo 2:11 ay ganito ang ating mababasa, “Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ni Maria na kanyang ina. Nagpatirapa sila at sinamba ang bata. Inihandog din nila sa kanya ang mga dala nilang ginto, insenso at mira.” Dalawang tao ang nakita ng mga pantas sa loob ng bahay, si Maria na ina ni Jesus at ang batang si Jesus. Kay Jesus ipinagkaloob ng mga pantas ang pagkilala, ang

pagsamba, ang pagdakila at hindi kay Maria. Hindi marapat na kay Jesus at kay Maria iukol ang ating pagsamba. Tanging kay Jesus inialay ng mga pantas ang pagpapatirapa, ang pagsamba, ang paghahandog ng kanilang regalo. Ito rin ay nagpapaalaala sa atin na hindi natin puwede na paghiwalayin ang pagsamba at ang pagkakaloob. Ang mga pantas ay nagpatirapa at nagkaloob ng kanilang mga dalang regalo sa batang si Jesus.

Ikaw ba ay pantas? Na pagkatapos na matagpuan, masumpungan ang bagong silang na hari ay hindi na babalik sa dating daan, sa dating uri ng pamumuhay. Sa Mateo 2:12 ay ganito ang nakasulat, “Nang sila’y papauwi na, nakatanggap sila ng babala sa pamamagitan ng panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, kaya’t nag-iba na sila ng daan pauwi.” Nakilala na natin si Jesus kaya’t kailangang itakwil, ihagis na natin ang dati at masamang uri ng pamumuhay at sa halip ay mamuhay bilang mga bagong nilalang kay Cristo. Ang daan ni Herodes ay daan ng kasinungalingan, ng pagpatay, ng pananakot, ng pagiging self-centered, ng hindi pag-iwan sa kalagayan sa lipunan. Mag-iba na tayo ng daan bilang mga taong nakatagpo sa Kristong Tagapagligtas.

Ikaw ba ay pantas? Na naghahanap ng katotohanan, na nagsasaliksik ng Kasulatan, na nag-iiwan ng kalagayan at katanyagan sa lipunan, na tanging si Jesus ang sinasamba, na iniwan na ang dating pamumuhay. Yes, totoo, ako ay pantas sapagkat kinikilala ko si Jesus bilang hari, Panginoon at Tagapagligtas ng aking buhay. Amen

Inihanda ni

Reb. NATALIO N. CASTILLO
UCCP – IBAAN, BATANGAS